# MGA BALANGKAS NG PAGPAPAKRITSAL NA PAG-AARAL
# UNA AT IKALAWANG CRONICA, EZRA, NEHEMIAS, AT ESTHER

## MGA SUSING PANGUNGUSAP

Ang intrinsikong kahulugan ng labindalawang makasaysayang aklat sa Lumang Tipan (Josue, Hukom, Ruth, 1 at 2 Samuel, 1 at 2 Hari, 1 at 2 Cronica, Ezra, Nehemias, at Esther) ay ang pahayag na ang pagkilos ng Diyos sa kasaysayan ng tao ang naghahanda ng daan upang isagawa ng Diyos ang Kanyang walang hanggang ekonomiya sa pamamagitan ng pagiging tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay at sa kalikasan (subalit hindi sa pagka-Diyos), para sa pagbubunga at pagtatayo ng ekklesia bilang ang organikong Katawan ni Kristo upang pasukdulin ang Bagong Herusalem para sa Kanyang sukdulang kahayagan.

Muling binuuan ni Ezra ang bayan ng Israel ng mga makalangit na katotohanan; sa pagbabawi ng Panginoon ay kailangan natin ang mga Ezra, mga makasaserdoteng tagapagturo, kinakaugnay ang Diyos, nabababaran ng Diyos, kaisa ng Diyos, napupunuan ng Diyos, at dalubhasa sa Salita ng Diyos—ang uri ng tao na kuwalipikadong maging isang tagapagturo sa pagbabawi.

Kailangan nating mamuhay sa pamamagitan ni Kristo at ipamuhay si Kristo, sa gayon ay dinadakila si Kristo, upang maitayo natin ang ekklesia bilang ang kahayagan ng Diyos; upang ihayag ang Diyos, kailangan nating mapabanal at mapabago araw-araw sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita upang maitanghal kay upang maitanghal kay Kristo, ang ating Kasintahang Lalaki, bilang Kanyang dalisay, maluwalhati, naghahayag ng Diyos na kasintahang babae.

Para sa pagtatayo ng ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo, may pangangailangang maisagawa ang espirituwal na pakikipagbaka ayon sa apat na prinsipyo—hindi gumagamit ng mga makalamang sandata, pinapanatili ang posisyon ng pag-akyat sa kalangitan, gumagamit ng mga espirituwal na sandata, na makapangyarihan upang gibain ang mga kuta ng kaaway, at nauunawaan na ang panalangin ay pakikipagbaka at inuusal ang mga panalangin ng pakikipagbaka sa makalangit na kinasasaklawan at mula sa trono ng Diyos.

*© 2022 Living Stream Ministry*

Mensahe Isa

## Ang Pagkilos ng Diyos sa Kasaysayan ng Tao para sa Pagsasagawa ng Kanyang Walang Hanggang Ekonomiya

Babasahin sa Kasulatan: Zac. 1:3, 18-21; 2:1-2, 5, 8-9, 11; 6:12-13; 10:1, 3, 8, 12; 11:7; 12:1, 10; 14:5, 9

**I. Ang intrinsikong kahulugan ng labindalawang makasaysayang aklat sa Lumang Tipan (Josue, Hukom, Ruth, 1 at 2 Samuel, 1 at 2 Hari, 1 at 2 Cronica, Ezra, Nehemias, at Esther) ay ang pahayag na ang pagkilos ng Diyos sa kasaysayan ng tao ang naghahanda ng daan upang isagawa ng Diyos ang Kanyang walang hanggang ekonomiya sa pamamagitan ng Kanyang pagiging isang tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay at sa kalikasan (subalit hindi sa pagka-Diyos), para sa pagbubunga at pagtatayo ng ekklesia bilang ang organikong Katawan ni Kristo upang pasukdulin ang Bagong Herusalem para sa Kanyang sukdulang kahayagan:**

A. Dapat nating iugnay ang labindalawang aklat ng kasaysayan sa Lumang Tipan sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos; ang Bibliya sa katunayan ay nagsasabi sa atin ng isang bagay lamang—ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos, na batay sa Kanyang mabuting kaluguran, ang kanaisan ng Kanyang puso (Efe. 1:4-5, 9-10; 1 Tim. 1:3-4; 6:3); ang labindalawang makasaysayang aklat na ito ay naisulat sa dibinong pahayag ng Diyos para sa ating pagpapaalala at pagliliwanag (1 Cor. 10:11).

B. Ang pagsasagawa ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos (kalakip ang pamamaraan ng Kanyang pambatas na pagtutubos at ang gol ng Kanyang organikong pagliligtas) upang ihanda tayo na maging Kanyang kasintahang babae upang pabalikin Siya ay ang tanging daan upang lutasin ang mga suliranin ng situwasyon ng sanlinbutan ngayon; ito ang kanaisan ng puso ng Diyos, at isasakatuparan Niya ito—Roma 5:10, 17, 21; 1 Tes. 5:23-24; Fil. 1:3-6.

C. Ang ikalawang pagdating ng Panginoon ang lulutas sa lahat ng mga suliranin ng sanlibutan, gaya ng walang katarungan (Isa. 11:4), digmaan (2:4), karamdaman (Apoc. 22:2; Ezek. 47:12), kagutuman (Isa. 35:1, 6), edukasyon (2:2-5; 4:2-6; 11:9; Hab. 2:14; Heb. 8:11; Aw. 2:6, 12), mga makasalanang establisimento (Mat. 13:41-43), ang pagdurusa ng buong paglikha (Roma 8:21-22; Isa. 11:6, 9), at mga makalupang pamahalaan (Apoc. 11:15; Dan. 2:34-35, 44-45).

**II. Inihahayag ng aklat ng Zacarias na ang mahalagang punto at pangunahing nilalaman ng pagkilos ng Diyos sa kasaysayan ng tao ay ang dalawang pagdating ni Kristo para sa patotoo ni Hesus, ang pagtatayo ng Diyos:**

A. Nagsasabi ang Zacarias 9 hanggang 11 hinggil sa mababang unang pagdating ni Kristo, na mapagpakumbaba at matalik:

1. Si Kristo ay dumating sa isang matuwid na paraan kalakip ang kaligtasan para sa bayan ng Diyos bilang isang Hari, subalit bilang isang mababang Hari, isang hinamak na Hari, nakasakay hindi sa isang marangyang kabayo kundi sa isang asno, maging sa isang bisirong asno; ito ay natupad nang si Hesu-Kristo ay pumasok sa Herusalem sa huling pagkakataon—Zach. 9:9; Mat. 21:5-10.
2. Si Kristo ay kinasuklaman, sinalakay, tinanggihan, at pinagkanulo ng isa sa Kanyang mga disipulo sa halagang tatlumpung pirasong pilak, ang halaga ng isang alipin (Zac. 11:8, 12-13; Exo. 21:32); ang pinropesiya dito ay natupad sa mga Ebanghelyo (Mat. 26:14-15; 27:3-10).
3. Si Kristo, ang Kasama ni Jehovah, ay dumating bilang ang Pastol na sinugo ng Diyos sa mga anak ni Israel; bilang isang tao si Kristo ay kapwa isang kamag-anak ng mga anak ni Israel at isang Kasama ni Jehovah; Siya ay sinaktan bilang isang Pastol, at ang Kanyang mga disipulo ay nagpangalat bilang mga tupa—Zac. 13:6-7; Juan 10:11; Mat. 9:36; 26:31; Juan 16:32-33.
4. Si Kristo ay sinugatan sa krus sa bahay ng Israel, subalit sinabi Niya, "Ako ay nasugatan sa bahay ng mga umiibig sa Akin"; pinatay ng mga anak ni Israel si Kristo, subalit sa ganitong matamis na salita ibinibilang ni Kristo ang kanilang aksyon bilang mga sugat mula sa mga umiibig sa Kanya—Zac. 13:6-7; 12:10; Apoc. 1:7; Aw. 22:16.

5. Ang tagiliran ni Kristo ay tinulos, at Siya ay naging isang bukás na bukal para sa kasalanan at para sa karumihan—Zac. 12:10; 13:1; Juan 19:34, 37; Mat. 26:28.

B. Nagsasabi ang Zacarias 12 hanggang 14 hinggil sa matagumpay na ikalawang pagdating ni Kristo, na magtataglay ng kapangyarihan at awtoridad:
   1. Si Kristo ay darating sa ikalawang pagkakataon kasama ang Kanyang mga banal, ang mga mandaraig—14:5; Joel 3:11; Judas 14.
   2. Ang Kanyang mga paa ay tatayo sa Bundok ng mga Olibo, na nakaharap sa Herusalem sa silangan—Zac. 14:4; Gawa 1:9-12.
   3. Siya ay makikipagbaka para sa mga anak ni Israel, ang Kanyang piniling bayan, laban sa mga bansang lumusob sa kanila at ililigtas sila mula sa pagkawasak—Zac. 14:2-3, 12-15; 12:1-9.
   4. Sa panahong iyon ang buong sambahayan ng Israel ay titingin sa Kanya na kanilang tinulos, at sila at tatangis para sa Kanya; kaya, ang buong Israel ay maliligtas—bb. 10-14; Roma 11:26.
   5. Pagkatapos, Siya ay magiging ang Hari upang maghari at mamuno sa mga bansa; lahat ng mga tao ay magtutungo sa Herusalem taon taon upang sambahin Siya, at lahat at mapapabanal tungo sa Kanya—Zac. 9:10; 14:16-21.
   6. "Si Jehovah ay magiging Hari sa buong lupa; at sa araw na iyon si Jehovah ay magiging ang iisang Diyos at ang Kanyang pangalan ang iisang pangalan"—b. 9; Aw. 72:8; Apoc. 11:15.

**III. Ang nagpapaloob ng lahat na Kristo ay ang kasaysayan ng pagkilos ng Diyos sa kasaysayan ng tao upang matamo ang pagtatayo ng Diyos para sa pagpapakita ng Diyos—Zac. 4:9; 6:12-15; Mat. 16:18; Juan 1:1, 14; 1 Cor. 15:45b; Apoc. 4:5; 5:6; 21:2:**

A. Habang si Kristo ay dalubhasang gumagawa upang soberanong kontrolin ang situwasyon ng mundo sa pantaong kasaysayan, Kanyang dalubhasang isinasagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin sa dibinong kasaysayan upang gawin tayong obramaestra ng Kanyang gawain, ang tulá ng Diyos, isang bagong imbensyon ng Diyos, na naghahayag ng Kanyang walang katapusang karunungan at dibinong disenyo—Gawa 5:31; Efe. 2:10.

B. Si Kristo sa Kanyang pagkatao ay ang Anghel ni Jehovah, si Jehovah mismo bilang ang Tres-unong Diyos, tumatayong kasama ng bayan ng Diyos sa pinakamababang bahagi ng lambak ng kanilang kahihiyan upang pangalagaan sila, namamagitan para sa kanila, at mabilis silang ilalabas mula sa pagkabihag sa Babilonia—Zac. 1:7-17; Exo. 3:2, 4-6, 13-15; Isa. 63:9; Deut. 33:27.

C. Si Kristo ang huling Manggagawa na ginamit ng Diyos upang baliin ang apat na sungay; ang apat na sungay ay ang apat na kaharian kasama ang kanilang mga kaharian—Babilonia, Medo-Persia, Gresya, at Emperyong Romano—na sinasagisag din ng malaking pantaong larawan na may apat na seksyon sa Daniel 2:31-33, ang apat na yugto ng mga balang sa Joel 1:4, at ang apat na halimaw sa Daniel 7:3-8, na sumira at pumuksa sa piniling bayan ng Diyos—Zac. 1:18-21:
   1. Ang apat na manggagawa ay mga kahusayang ginamit ng Diyos upang puksain ang mga kahariang ito kasama ang kanilang mga hari; bawat isa sa unang tatlong kaharian (Babilonia, Medo-Persia, at Gresya) ay nilipol sa mahusay na paraan ng kahariang kasunod nito—Dan. 5; 8:3-7.
   2. Ang ikaapat na Manggagawa ay si Kristo bilang ang batong pinutol hindi ng mga kamay, na dudurog sa napanauling Emperyong Romano at sa gayon ay dudurugin ang malaking pantaong larawan bilang ang kabuuan na pantaong pamahalaan sa Kanyang pagbabalik—2:31-35.
   3. Ang batong ito ay hindi lamang ang indibiduwal na Kristo bagkus gayundin ang sama-samang Kristo, si Kristo kasama ang Kanyang "mga makapangyarihan"—Joel 3:11.

D. Ang sama-samang Kristo, si Kristo kasama ang Kanyang mandaraig na kasintahang babae, ay darating bilang isang bato upang durugin ang kabuuan ng pantaong pamahalaan upang ipasok ang kaharian ng Diyos—Dan. 2:34-35; Joel 3:11; Apoc. 19:11-21; cf. Gen. 1:26.

E. Samantalang sinasabi ng Daniel 2 hinggil kay Kristo na darating bilang isang batong pinutol hindi ng mga kamay, sinasabi naman ng Apocalipsis hinggil kay Kristo na darating bilang ang Isang kasama ang Kanyang kasintahang babae bilang Kanyang hukbo.

**IV. Inihahayag ng Efeso 5 at 6 na ang ekklesia ay kapwa ang kasintahang babae at ang mandirigma; sa Apocalipsis 19 ay mayroon din tayong dalawang aspeto ng ekklesia—Efe. 5:25-27; 6:10-20; Apoc. 19:7-9, 11, 14:**

A. Upang maging ang kasintahang babae sa dibinong kasaysayan, ang pagkilos ng Diyos sa kasayasayan ng tao, kailangan natin ang nagpapagandang salita ng Diyos, at upang maging ang mandirigma sa dibinong kasaysayan, ang pagkilos nd Diyos sa kasaysayan ng tao, kailangan natin ang pumapaslang na salita ng Diyos—Efe. 5:26; 6:17-18; cf. 2 Tim. 3:16.

B. Sa araw ng Kanyang kasal, pakakasalan ni Kristo ang Kanyang kasintahang babae, ang mga mandaraig, na nakikipagbaka laban sa kaaway ng Diyos sa maraming taon—cf. Dan. 7:25; 6:10; Efe. 6:12.

C. Bago pumanaog si Kristo sa lupa upang tuusin si Antikristo at ang kabuuan ng pantaong pamahalaan, Siya ay ikakasal, ipinapagkaisa ang Kanyang mga mandaraig sa Kanyang sarili bilang isang entidad—Apoc. 19:7-9.

D. Kaya, si Kristo bilang ang Espiritu, ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos, ay pakakasalan ang ekklesia bilang ang kasintahang babae, ang naproseso at natranspormang taong may tatlong bahagi—22:17a.

E. Pagkatapos ng kasalan Siya ay darating kasama ang Kanyang bagong kasal na kasintahang babae upang wasakin si Antikristo, kasama ang kanyang hukbong direktang makikipaglaban sa Diyos—19:11, 14:

1. Ang Panginoong Hesus, ang Salita ng Diyos, ay papaslangin si Antikristo, ang tao ng katiwalian, sa pamamagitan ng hininga ng Kanyang bibig, at pawawalang saysay Niya si Antikristo sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kanyang pagdating—bb. 11-15; 2 Tes. 2:2-8.
2. Mula sa bibig ni Kristo ay lalabas ang isang matalim na tabak, na sa pamamagitan nito ay Kanyang hahampasin ang mga bansa—Apoc. 19:15; 1:16; 2:12, 16.

F. Pagkatapos durugin ang pantaong pamahalaan, lilinisin ng Diyos ang buong sansinukob; pagkatapos ang sama-samang Kristo, si Kristo kasama ang Kanyang mga mandaraig, ay magiging isang malaking bundok upang punuin ang buong lupa, gagawin ang buong lupa na kaharian ng Diyos—Dan. 2:35, 44; 7:22, 27; Apoc. 11:15.

**V. Ang paraan upang tuparin ang pagkilos ng Diyos sa kasaysayan ng tao para sa pagsasagawa ng Kanyang walang hanggang ekonomiya ay sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu upang maranasan at matamasa si Kristo bilang ang pitong ulit na pinatinding Espiritu—1:10; 4:2; 17:3; 21:10; 4:5; 5:6; Zac. 3:9; 4:10:**

A. Sinasabi ng Zacarias 1:3, “Bumalik ka sa Akin, dinedeklara ni Jehovah ng mga hukbo, at Ako ay babalik sa iyo, sinasabi ni Jehovah ng mga hukbo”; kailangan nating mag-esayo na ating espiritu upang bumalik sa Panginoon kalakip ang ating buong puso; ito ang nagtatatag ng prinsipyo na dapat muna tayong bumalik sa Panginoon, at pagkatapos ay babalik ang Panginoon sa atin—Jer. 24:7; Oseas 6:1-3; 14:1-5; Joel 2:13; Luc. 15:17-24.

B. Sinasabi ng Zacarias 12:1, "Ang kabigatan ng salita ni Jehovah hinggil sa Israel. Gayon ang pagdedeklara ni Jehovah, na nag-uunat ng mga kalangitan at naglalagay ng pundasyon ng lupa at naghuhugis ng espiritu ng tao sa loob niya ":

1. Sa Kanyang paglikha ang Diyos ay gumawa ng tatlong krusyal, magkakasinghalagang aytem —ang mga kalangitan, ang lupa, at ang espiritu ng tao.
2. Ang mga kalangitan ay para sa lupa, ang lupa ay para sa tao, at ang tao ay nilikha ng Diyos na mayroong espiritu upang kanyang makaugnay ang Diyos, matanggap ang Diyos, masamba ang Diyos, maipamuhay ang Diyos, matupad ang layunin ng Diyos para sa Diyos, at makaisa ang Diyos—b. 1.
3. Ang sentrong pamahalaan at pinakaprominenteng bahagi ng tao ay dapat ang kanyang espiritu; ang isang tao na pinamumunuan at kinokontrol ng kanyang espiritu ay isang espirituwal na tao—1 Cor. 2:14-15; 3:1; 14:32; Juan 3:6; Efe. 3:16; 1 Ped. 3:4; Dan. 6:3, 10.

4. Inaatasan tayo ni Zacarias na magbigay ng boung pansin sa ating pantaong espiritu, upang matanggap natin ang Kristong inihayag sa aklat na ito at maunawaan ang lahat ng inihayag sa loob nito hinggil sa Kanya—Gen. 2:7; Juan 4:24; Fil. 4:23.

C. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ang pitong ulit na pinatinding Espiritu sa mga sumusunod na aspeto:

1. Si Kristo ay isang tao na may isang panukat na tali sa Kanyang kamay, sinusukat ang bayan ng Diyos upang suriin, hatulan, eksaminin, at angkinin ang mga ito para sa Kanyang kaharian—Zac. 2:1-2; Ezek. 40:3; 47:1-5; Aw. 139:23-24.

2. "Ako ang magiging kanyang pader ng apoy na nakapalibot, dinedeklara ni Jehovah, at Ako ang magiging kaluwalhatian sa loob niya"—Zac. 2:5:

a. Na ang pader ng lunsod ng Herusalem at ang kaluwalhatian sa loob niya ay si Jehovah mismo ay nagpapahiwatig na si Jehovah bilang ang Kristo ay magiging ang proteksyon ng Herusalem sa kanyang paligid at ang kanyang kaluwalhatian sa kanyang sentro; ito ay nagpapakita ng pagiging sentralidad at unibersalidad ni Kristo sa ekonomiya ng Diyos.

b. Ngayon si Kristo ay ang kaluwalhatian sa sentro ng ekklesia, at Siya rin ang apoy na nagliliyab sa palibot ng ekklesia para sa kanyang proteksyon; sa Bagong Herusalem ang Tres-unong Diyos kay Kristo ay magiging ang kaluwalhatian sa sentro nito (Apoc. 21:23; 22:1, 5), at ang kaluwalhatiang ito ay magniningning sa pamamagitan ng naaaninag na pader ng lunsod upang maging apoy ng proteksyon (21:11, 18a, 24).

3. Si Kristo ang Isang sinugo ni Jehovah ng mga hukbo at gayundin ang Tagasugo, si Jehovah ng mga hukbo, para sa pangangalaga ng Kanyang bayan, na napakagiliw sa Kanya; sinumang humihipo sa kanila ay humihipo sa itim ng Kanyang mata—Zac. 2:8-9, 11; cf. Juan 14:26; 15:26.

4. Si Kristo ay dumating bilang Pastol, pinapastol ang kawan gamit ang dalawang tungkod—ang isa ay tinatawag na Lingap (biyaya), at ang isa naman ay tinatawag na Panali (pagbubuklod); ang biyaya ay para sa ating paghahalo sa Diyos, at ang pagbubuklod ay para sa ating pagiging naitali sa kaisahan—Zac. 11:7; 2:1-2, 5, 8-9, 11; Juan 21:15-17:

a. Habang mapagpalingap ang Panginoon sa atin, dapat nating hilingin sa Kanya na padalhan tayo ng mas maraming lingap, mas maraming biyaya, mas maraming "ulan"—Zac. 10:1; 12:10; Ezek. 34:26.

b. Matapos mabisita ng Panginoon bilang Pastol, bawat mahinang tupa sa gitna ng bayan ng Diyos ay nagiging kabayo ng karilagan—Zac. 10:3; cf. 9:13, 16; Dan. 11:32b.

c. Madalas sa oras ng ating umagang pagpapanauli, sumisipol ang Pangnioon sa atin, tinatawag tayo at tinitipon tayo sa Kanya; ang pagsipol ng Panginoon ay hindi nakatutulig kundi malumanay at banayad, gaya ng pag-awit ng isang ibon—Zac. 10:8.

d. Pinalalakas tayo ng Panginoon sa Kanyang sarili upang tayo ay lumakad sa Kanyang pangalan—b. 12; Col. 3:17.

**VI. Sa pagkilos ng Diyos, bilang ang dibinong kasaysayan, sa kasaysayan ng tao, mayroong isang bagong paglikha—ang bagong tao kasama ang isang bagong puso, isang bagong espiritu, isang bagong buhay, isang bagong kalikasan, isang bagong kasaysayan, at isang bagong pagpapasukdol; pinupuri natin ang Panginoon na tayo ay nasa dibinong kasaysayan, nararanasan at tinatamasa ang mga mahiwaga, dibinong bagay para sa ating organikong kaligtasan, upang maihanda natin ang ating sarili na Kanyang nananaig na kasintahang babae upang pabalikin Siya—*Mga Himno,* #16; Roma 5:10, 17-18, 21; 6:4; Ezek. 36:26; 2 Cor. 3:16-18; Mat. 5:8; Tito 3:5; Efe. 5:26-27; 6:17-18; Apoc. 19:7; Mat. 24:44; 25:10.**

*© 2022 Living Stream Ministry*